Minamahal Naming Naghahabol:

Kasama sa padala na ito ang iyong sulat ng Paghahanap ng Seguro sa Kawalan ng Trabaho (UI, para sa akronim nito sa Ingles). Naiintindihan ng IDES na ang pag-apply para sa seguro sa kawalan ng trabaho ay maaaring maging isang kumplikadong proseso. Ang Kagawaran ay narito upang tumulong. Ang piraso ng paliwanag na ito ay idinisenyo upang matulungan kang higit na maunawaan ang nakalakip na sulat ng Paghahanap ng UI (UI Finding letter).

Paliwanag ng Sulat ng Paghahanap ng UI (UI Finding Letter)

Ang nakalakip na sulat ng Paghahanap ng UI (UI Finding letter) ay sasagutin ang mga pinakamahalagang katanungan tungkol sa iyong paghahabol ng UI, tulad ng:

1. **Karapat-dapat ba ako na tumanggap ng mga benepisyo?**

Sa ilalim ng UI Finding, tingnan sa ilalim ng pinag-uukulan (header) ng *Pasya para sa Pera ng UI (UI Monetary Determination)* at hanapin ang iyong *Lingguhang Halaga ng Benepisyo*.

- Kung ang numerong ito ay "0", ikaw ay kasalukuyang hindi karapat-dapat na makatanggap ng regular na mga benepisyo sa UI. Ang impormasyon para sa susunod na hakbang ay matatagpuan sa likod na sulat na ito.
- Kung ang numurong ito ay nasa pagitan ng "51.00" at "505.00", ikaw ay karapat-dapat na tumanggap ng mga benepisyo sa UI.

2. **Magkano ang maaari kong matanggap bilang mga benepisyo**

Ang numero sa ilalim ng parehong *Lingguhang Halaga ng Benepisyo (Weekly Benefit Amount - WBA)* ay ililista kung magkano ang iyong matatanggap bawat linggo. Ang pinakamababa na WBA ay $51, at ang pinakamataas ay $505. Kung mayroong umaasa sa iyo, ang *Rasyon ng Dependyente (Dependent Allowance)* ay idadagdag sa iyong *Lingguhang Halaga ng Benepisyo (Weekly Benefit Amount)* upang makuha ang buong *Halaga ng Benepisyo Bawat Linggo*, na nakasulat sa kanan.

3. **Paano ko makukuha ang aking mga benepisyo?**

Upang matanggap ang mga benepisyo, kailangan mong "magpatunay" sa pamamagitan ng pagsagot sa mga pangunahing katanungan tuwing makalawa. Ito ay makakatulong sa IDES na malaman ang iyong patuloy na pagiging karapat-dapat para sa mga benepisyo.

Malapit sa itaas ng Paghahanap ng UI (UI Finding), hanapin ang linya kung saan nakalista ang iyong unang petsa ng pagpapatunay. Sa petsang iyon, kailangan mong magpatunay sa pamamagitan ng website ng IDES o ng sistema ng Tele-Serve (Tele-Serve system) (inirerekumenda ang website). Maghandang iulat

Hindi nag-apply para sa seguro sa kawalan ng trabaho?

Kung hindi ka nag-apply kamakailan para sa mga benepisyo ng UI, ngunit natanggap mo pa rin ang nakalakip na Sulat ng Paghahanap ng UI (UI Finding Letter), maaaring ikaw ay biktima ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan. Mangyaring bisitahin ang ides.illinois.gov/fraud para sa karagdagang impormasyon.

Mga Pangunahing Termino

Karagdagang Paghahabol: Ang paghahabol na isinampa sa simula ng isang segundo o kasunod na pahinga sa trabaho sa loob ng isang taon ng benepisyo.

Batayang Panahon: Ang unang apat sa huling limang nakumpleto na mga quarter sa kalendaryo na sinusundan ang taon ng benepisyo. Ginagamit ito upang matukoy kung ikaw ay kumita ng sapat na kita upang maging karapat-dapat para sa mga benepisyo. Kung ikaw ay hindi kwalipikado sa ilalim ng karaniwang batayang panahon, ang pinakahuling sangkapat na natapos ay maaaring magamit bilang isang kahaliling batayang panahon.

Mga Benepisyo: Mga bayad na ibinayad sa iyo sa bawat makalawa kapag ikaw ay karapat-dapat.

Taon ng Benepisyo: Ang iyong taon ng benepisyo ay karaniwang nagsisimula sa Linggo ng linggo kung saan una mong isinampa ang iyong paghahabol. Ang taon ng benepisyo ay ang buong taon na nagsisimula sa petsang iyon.

Naghahabol: Isang indibidwal na nag-a-apply/tumatanggap ng mga benepisyo sa seguro ng kawalan ng trabaho.

Sertipikasyon: Ang proseso ng pagsagot sa mga pangunahing tanong sa online o sa pamamagitan ng telepono upang ipaalam ang iyong katayuan sa trabaho. Itinataguyod ng sertipikasyon ang iyong patuloy na pagiging karapat-dapat at kung paano babayaran ang iyong mga benepisyo.

kung ikaw ay nagtrabaho, at ang halaga ng kabuuang sahod na natanggap para sa bawat nakaraang dalawang linggo.

At saka, may itinalagang dalawang araw bawat linggon bilang araw ng iyong pagpapatunay, na maaari ring matagpuan malapit sa itaas ng Paghahanap ng UI (UI Finding). Tuwing makalawa pagkatapos ng unang petsa ng iyong pagpapatunay, alinman sa Lunes, Martes, o Miyerkules, kailangan na ikaw muli ay magpatunay para sa mga benepisyo. Kung hindi mo magawang magpatunay sa nakalaang petsa para sa'yo, maaari kang magpatunay sa Huwebes o Biyernes ng parehong linggo. **Mangyaring Tandaan**: Makakatanggap ka ng mga benepisyo 2-3 na araw pagkatapos ng matagumpay na pagpapatunay sa bawat oras.

Iba Pang Mga Pangunahing Punto

Mga Pamamaraan sa Pagbabayad

Darating ang iyong mga benepisyo alinman sa pamamagitan ng isang debit card o direktang deposito. Makakatanggap ka ng isang debit card kung hindi ka pumili ng direktang deposito sa pag-file. Mangyaring tingnan ang iyong Sulat ng Paghahanap ng UI (UI Finding Letter) para sa mga tagubilin sa paglipat ng mga pamamaraan sa pagbabayad.

Kapag ang Iyong Weekly Benefit Amount (WBA) ay "$0"

Kung ang iyong WBA ay "$0", kung gayon ang aming mga tala ay nagpapahiwatig na hindi ka binayaran ng sapat na sahod sa iyong batayang panahon upang maging karapat-dapat para sa regular na mga benepisyo sa kawalan ng trabaho. Kung hindi mo nais na iapela ang desisyon, maaari ka pa ring maging karapat-dapat para sa Pandemic Unemployment Assistance (PUA) – isang pansamantalang programang pederal para sa mga may pansariling kalakalan, freelancer, at independiyenteng mga kontratista. Para sa karagdagang impormasyon sa PUA, at mga detalye sa pag-apply, mangyaring bisitahin ang ides.illinois.gov/PUA.

Mga Karapatan sa Pag-apela

Kung hindi ka sumasang-ayon sa iyong Paghahanap ng UI (UI Finding), maaari kang mag-file ng isang apela sa loob ng 30 araw mula sa petsa ng pagbigay ng sulat na matatagpuan sa iyong Sulat ng Paghahanap ng UI (UI Finding Letter). Mangyaring sumangguni sa dulo ng (sulat ng Paghahanap ng UI (UI Finding letter) para sa impormasyon sa pag-aapela. **Mangyaring Tandaan**: Kung nag-file ka ng isang apela, dapat mong ipagpatuloy ang pagpapatunay para sa iyong mga linggo ng kawalan ng trabaho, kahit na hindi ka maaaring makatanggap ng mga benepisyo hanggang sa mapagpasyahan ang apela.

Kung Bumalik Ka sa Trabaho

Kapag nagpatotoo ka, dapat mong iulat kung nagtrabaho ka o nakakuha ng sahod para sa bawat huling dalawang linggo. Kung bumalik ka sa trabaho at kumita ng higit sa iyong WBA, hindi ka makakatanggap ng mga benepisyo para sa linggong iyon. Kung kailangan mong mag-apply muli para sa mga benepisyo sa loob ng parehong taon ng benepisyo, dapat kang mag-file ng isang Karagdagang Paghahabol.

Tuloy ng Mga Pangunahing Termino

Rasyon ng Dependyente: Ang benepisyo na idinagdag sa lingguhang halaga ng benepisyo kung ang ikaw ay may alinman sa (1) isang umaasa na batang wala pang edad na labing walo o (2) isang asawa na hindi nagtatrabaho na hindi karapat-dapat para sa kanilang mga benepisyo sa UI o (3) nasa tamang edad na anak na may kapansanan. Ikaw ay maaaring mag-angkin ng isang umaasang anak o asawa, ngunit hindi pareho. Mahigit sa isang bata ay hindi magpapataas ng iyong mga benepisyo.

Pinakamataas na Rasyon ng Benepisyo: Ang kabuuang halaga na maaaring matanggap ng naghahabol loob ng taon ng benepisyo. I-multiply ang iyong WBA sa 26 na mga linggo.

Pasya para sa Pera: Ang desisyon kung saan nakalista ang halaga ng mga benepisyo na maaaring mong matanggap. Tinatawag ring Paghahanap ng UI (UI Finding).

Pagiging Karapat-dapat sa Pera: Ang pagiging karapat-dapat ng isang naghahabol para sa UI, ay base kung ikaw ay kumita ng sapat na sahod sa panahong sinusuri.

Pagiging Karapat-dapat sa Hindi Pang-pera: Mga kadahilanan bukod sa sahod na nakakaapekto sa iyong pagiging karapat-dapat sa UI, tulad ng kakayahan at maaaring magtrabaho, boluntaryong pag-alis, atbp. Ang IDES ay makikipag-ugnayan sa iyo kapag may katanungan tungkol sa iyong pagiging karapat-dapat sa hindi pang-pera.

Weekly Benefit Amount (WBA): Ang halaga ng perang dapat mong matanggap bawat linggo, hindi kasali ang rasyon ng dependyente, kung ikaw ay hindi karapat-dapat para sa mga benepisyo.

Mga Pagsasalin sa

Espanyol: ides.illinois.gov/UIFinding-Spanish
Wikang Polako: ides.illinois.gov/UIFinding-Polish
Wikang Tsino: ides.illinois.gov/UIFinding-Chinese
Wikang Arabo: ides.illinois.gov/UIFinding-Arabic
Wikang Bumbay: ides.illinois.gov/UIFinding-Hindi
Tagalog: ides.illinois.gov/UIFinding-Tagalog